Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-24 NG PEBRERO, 1997, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino d. Pamatmat......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 055-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN TATLUMPU'T DALAWANG LIBO ANIM NA RAAN DALAWAMPU'T APAT NA PISO AT WALUMPU'T APAT NA SENTIMOS (P732,624.84)

SAPAGKA'T, ang nabanggit na badyet ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet sa mga barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Kgg. Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon Ison at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay Santo Angel Sur ng bayang ito na nagkakahalaga ng Pitong Daan Tatlumpu't Dalawang Libo Anim na Raan Dalawampu't Apat na Piso at Walumpu't Apat na Sentimos. (P732,624.84).

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan